# Kuwento 8 : Ang unang simbahan


Talata sa Bibliya [Mga Gawa 2:4]

**At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.**



Nabuhay si Hesus mula sa pagkamatay tatlong araw pagkatapos na ipako sa krus.
Apatnapung araw pagkatapos mabuhay mula sa pagkamatay, Siya ay umakyat sa langit.
Ang mga disipulo ay nagtipon sa isang silid at nanalangin ng sama-sama. Kasama nila sina Maria at iba pang kababaihan na taga sunod ni Hesus. Magkasama silang nanalangin nang taimtim.
Pagkaraan ng sampung araw ay dumating ang araw ng Pentecostes.
Sa araw na ito, ang mga alagad ni Hesus at ang Kanyang mga tagasunod ay nagtipon sa silid sa itaas upang manalangin.
Biglang dumating mula sa langit ang isang huni na gaya ng isang malakas na hangin at napuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan.
Nakita nila ang tila mga apoy na naghiwalay at dumapo sa bawat isa sa kanila.
Lahat sila ay napuspos ng Banal na Espiritu na ipinangako ni Hesus.
Ang mga alagad at ang iba pang mga tagasunod ay nagsimulang magsalita ng mga wika ayon sa kakayahan ng Espiritu.
Nagsimulang mangaral si Pedro nang salita ng Panginoon sa mga tao.
"Pagkatapos na bumalik si Hesus sa langit, dumating na ang Espiritu Santo na tumutulong sa atin na maunawaan ang mga turo ni Hesus. Ipinadala ng Diyos si Hesus upang iligtas kayong lahat." Tinanong si Pedro ng mga taong nakapakinig sa kanya.
"Kung gayon, ano ang dapat naming gawin upang maligtas?" Sumagot si Pedro,
"Magsisi at magpabautismo kayo sa ngalan ni Hesu Kristo para sa kapatawaran ng inyong mga kasalanan."
Ang mga nakarinig kay Pedro ay napuno ng pagkamangha.
Ang mga naniwala sa kanyang mensahe ay nabautismuhan at humigit-kumulang tatlong libo ang nadagdag sa mga mananampalataya sa araw na iyon. Pagkatapos nito, nagpatuloy ang mga alagad sa pangangaral ng Salita ng Diyos at sa tuwing ginagawa nila ito, marami ang nagsisi at naniniwala.
Ang mga alagad at mananampalataya ni Hesus ay nagtitipon araw-araw sa mga korte ng templo upang manalangin at magpuri sa Diyos. Ipinagbili nila ang kanilang mga ari-arian upang ibigay sa sinumang nangangailangan.
Nang mangyari ang mga bagay na ito pagkatapos dumating ang Banal na Espiritu, pinuri ng mga nakakita sa kanila ang mga alagad ni Hesus at ang mga naniwala kay Hesus at sila rin ay naligtas sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya.
Ito ang unang simbahan.


**Gawain 1.** Pag-isipan ang natutunan natin ngayon, kulayan ang simbahan sa ibaba, gupitin ito at tipunin. Kagamitan: gunting, pandikit, krayola




finished picture



**Gawain 2.** Pag-isipan ang natutunan natin ngayon at kulayan ang larawan sa ibaba.



- Sundan at isaulo ang talata sa Bibliya. (Mga Gawa 2:4)

At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo.